**Presidential Communications Operations Office**

**Presidential News Desk**

## TALK TO THE PEOPLE OF

## PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE

## ON CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19)

[19 July 2021]

**PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE:** Good evening to everyone. I hope everyone is in good health and safe from any illness.

We have seen and heard in recent news about the spike of COVID-19 cases in other countries including our neighbor Indonesia due to the more contagious Delta variant of the coronavirus. Alam mo just a few months ago because Indonesia was well-prepared, marami na silang na-stock na bakuna. And they were one of the few countries to declare that they were almost COVID-free. Ang problema doon sa Indonesia and other countries may pumasok na variant called Delta. Actually this is just a mutation of itong COVID-19. But ito is more --- they say that it’s more vicious, it’s more aggressive, and fatal.

So as of July 16, the Department of Health has reported 16 new cases of Delta variant in the country. That should give us a --- put us in grave concern because ang sabi na nga na it is aggressive, vicious, and more virulent, and can cause death faster than the COVID-19. So iyan ho ang worry natin.

According to our local health officials, the Delta variant is believed to be 60 percent more transmissible than the Alpha variant. Ang rami na kasi nito. Ewan ko how it operates, I mean the virus, na it is easily transmitted to another person. But then again, maybe the Secretary of Health can give us a more detailed explanation matapos ito. Tapusin ko lang ito.

In comparison with Alpha, positive person can infect four to five persons while the Delta one can infect eight persons. So more than three. Five ito, eight. So may three talaga. Eight percent. So the total --- the reported local cases in the country is a cause for serious alarm and concern. Again, it's

redundant but still it is good as --- it's good as any warning that can be given to the people.

We may need to reimpose stricter restrictions to avoid mass gathering and prevent superspreader events. Now, it is not only Indonesia, tinamaan ulit ang Korea at Taiwan. Sila 'yung nag-lockdown kasi pumasok nga itong variant na Delta.

I hope that our existing infrastructure in dealing with the problem of COVID-19 can cope up depende kung the vaccine --- the vaccines for COVID-19 can be as effective in dealing with the virus Delta. Pagka nandito na kung sakali man it will spread, I hope it will not, then we'll have to go again to stricter measures. We are not the only one. And also tinamaan ng Delta is UK. Balik rin sila sa dati.

I urge the DILG and the PNP to implement the existing protocols with greater urgency and necessity. It is only by imposing these restrictions that we can fight the threat of Delta variant.

Now, remember that the reason why the security forces of the government are very strict is not because they want to be strict and they want to make it hard for the people move rather they are strict because they want to protect the country from a very contagious disease and maybe cause more deaths more than the lives that we lost in the past.

Meanwhile, the latest Pulse Asia survey reported similar data with 43 percent respondents willing to get the vaccine. Alam mo I don't want to be 'yung bunganga ko pero itong mga buang na ito, they not only endanger themselves, their family, but everybody they come in contact with. And everything that they touch or hold mag-iwan sila ng virus, they can spread and they called the spreader because they spread with more audacity, ika nga.

So huwag ninyong --- huwag kayong magalit sa pulis at sa mga military kasi utos ko 'yan. So hindi man nila kasalanan kasi 'pag hindi nila na-implement, 'pag may nakita ako na ano violation, sila man ang bubulyawan ko. So, in other words, they are just doing their duty. So kindly understand that. They would be the last or the least of the persons to tinker with the lives of people except that when they are called upon to do a duty, they do it with --- kasi alam nila ang danger. So they themselves know that it is also to their advantage if they impose the restrictions more --- hindi naman harder but more in line with the --- in line with the regulations of government.

I ask national and local quarters to heighten their vaccine information and education campaign to further increase vaccines. Alam mo 'yung the importance of vaccines --- 'yang 'yung word na "the importance of vaccines" you must get the vaccine or you die. Ilang beses na 'yan na sinasabi na --- many times.

So kung ayaw talaga ninyong maniwala eh 'di huwag na lang kayong lumabas ng bahay para wala kayong mahawa. At kung ganyan ang --- if that is your state of mind, actually to me you are antisocial, para kang galit sa tao. Ayaw… You are antisocial because in face of the danger confronting you and knowing fully well that it is really dangerous, you choose the path of this resistance by just not getting the vaccine at all. Ito 'yung gusto kong --- gusto ko, ito 'yung gusto ko sila. Vaccines lang ito talaga.

I have seen in the news a recent incident where a certain Arvin Tan resisted arrest by police authorities and led a car chase from Quezon City to Manila damaging several vehicles and injuring many. Tiningnan ba ninyo ito? Have you had the opportunity to bring him to a facility where he can be tested if he is free of drugs?

Also reported was a certain Franz Orbos who allegedly assaulted cops and traffic enforcers in Muntinlupa after getting apprehended for his parked vehicle that blocked traffic along Susana Heights.

So to proceed with the program, we would call on the Secretary of Health to make his report to the people.

**DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III:** Good evening, Mr. President; and good evening to the Senate Committee on Health and Demography Chair, Senator Bong Go; my fellow members of the Cabinet and the Inter-Agency Task Force; at higit sa lahat po sa atin pong mga minamahal na kababayan, magandang gabi po sa ating lahat.

Mr. President, ngayong ika-siyam --- 19 ng Hulyo, mayroon po tayong nadagdag na 5,651 na bagong kaso. Ang atin pong total now as of July 19: 1,513,396 cases; at ang atin pong active cases dito ay umabot po ng 47,561, ang katumbas po nito ay 3.14 percent of all cases reported. Samantalang ang recoveries naman natin ay umabot na ng 1.439 million at ito po ang katumbas ay 95 porsyento ng lahat ng atin pong naitala.

Ang atin pong case fatality rate ay umabot naman po sa 26,786 or equivalent to 1.77 percent. Ito po 'yung mga nasa kanan ang mga Top 3 regions na may naiambag na matataas na kaso sa national caseload. Ang NCR po 941, ito po ay tumaas compared to the past days; ang Region IV-A, ganoon din po - 808; ang Region VI - 771; Region VII - 653; and Region III - 427.

*[Next slide.]*

Ito naman po ang ating sunod na slide, nakaraang linggo po natukoy natin ang 16 na karagdagang kaso ng Delta variant sa bansa, partikular na po sa NCR na kung saan may tatlo pong naitala; ang Region VI, may dalawa po; at Region X, may anim na Delta variants na naitala.

Dahil po dito, patuloy nating binabantayan ang ating mga kaso at ang atin pong health systems indicators at pinaiigting ang pagpapatupad ng ating iba't ibang response strategies upang mapigilan ang posibleng surge na kasalukuyang nararanasan ng ating mga karatig na bansa katulad ng Indonesia, Malaysia, and Thailand.

Mr. President, kung naalala ninyo, ang Indonesia ay ang bagong bansa na isinama natin doon sa travel restrictions. Nauna po 'yung Oman, UAE, India, Sri Lanka, Nepal, Bangladesh, tapos ho ngayon ang Indonesia. Sa kasalukuyan po, ang ating mga experts ay pinag-aaralan kung ang atin pong travel restrictions ay palalawigin natin kasama ang Malaysia and Thailand, Mr. President.

Sa mga susunod na slides, amin pong ipapakita ang mga indicators na atin pong binabantayan at ang aming mga rekomendasyon upang mapigilan natin ang patuloy na pagkalat ng Delta variant.

Ang sunod naman na slide po ay ang mga epidemic curves natin ng NCR, ito pong blue, matapos pong nag-peak ang mga kaso sa NCR. Sa rest of Luzon itong kulay pula. Ito namang berde ay ang atin pong NCR Plus areas. Ito naman pong orange ang Mindanao, at ang Visayas naman 'yung aqua.

Makikita po natin ang NCR, nagpa-plateau na po siya, ayan po. Nagpa-plateau na po siya kasama din ang ating Plus areas na CALABARZON and Region III, nag-plateau na po sila. Samantalang ang atin pong rest of Luzon,

nakikita natin matapos nagkaroon nang bahagyang pagtaas, nagpa-plateau na rin po siya.

Ganoon din po ang Mindanao. Nakikita natin bumababa naman dahan-dahan ang mga kaso ng Mindanao, iyang orange line. Samantalang ang Kabisayaan naman po ay ganoon din, medyo nagkakaroon po nang kaunting pagbaba. So gayunpaman, binabantayan pa rin po natin na sana hindi na po ito tumaas muli katulad noong pag-surge natin ng March and April.

Sa pangkalahatan po, Ginoong --- Mr. President, habang tayo ay nakapagtala ng 16 na karagdagang Delta variant sa bansa, tayo po ay nananatiling nakatutok sa paggalaw ng atin pong case trends at ng health system indicators para mas maging mainam ang pagresponde natin sa banta ng variant na ito.

Patuloy na nagpa-plateau ang ating mga kaso gaya ng akin pong ipinaliwanag kanina. Ngunit nagsisimula tayong makakita ng trend reversals sa mga high at moderate risk regions kasama ang Region VI at Region X kung saan natukoy natin ang Delta variant.

Nasa high and critical risk ICU utilization rate ang mga karatig na rehiyon ng Region X sa Mindanao, habang malapit nang umakyat sa high risk ang ICU utilization rate ng Region VI at sa moderate risk ang ICU utilization rate ng Region X.

Dahil karamihan ng ating mga Delta variant cases ay galing po sa ibang bansa, masasabi natin na ang ating ipinatutupad na travel restrictions and border protocols ay nabigyan tayo ng pagkakataon upang palakasin pang lalo ang ating PDITR plus strategies at ang pagpapalawig, pagpapaunlad ng atin pong health systems capacity.

Kasalukuyan, nasa .5 percent of our sequence samples pa lamang ang atin pong Delta variant cases. Mataas pa rin po ang ating natukoy sa whole genome sequencing by the UP Philippine Genome Center iyon pong Beta variant. Siya pa din po ang may pinakamalaking porsyento ng mga variants na na-sequence. Susunod po ang UK variant or the Alpha variant.

At kumpara po sa ibang bansa sa ASEAN, nakakaranas nang malubhang pagtaas sa kaso dahil po sa Delta variant sa ngayon, kasalukuyan, mas di hamak na mas maayos naman po ang ating kalagayan vis-à-vis the Delta variant. Upang mapigilan natin ang pagtaas ng mga kaso, kinakailangan po natin ipagpatuloy ang pagpapatupad ng Doors 1 and 2 and travel restrictions and screening testing at quarantine sa ating mga points of entry; at panghuli, palakasin ang pagpapatupad ng Doors 3 and 4 o ang PDITR plus strategies, ang vaccination and strengthening of our health systems capacity.

Iyon lang po ang huling bahagi ng akin pong pag-uulat, Mr. President, at handa na po akong sumagot sa inyo pong mga katanungan, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you, Secretary Duque. Your words are very reassuring. Now, I would like to call upon Secretary Año to make his report.

**DILG SECRETARY EDUARDO AÑO:** Opo. *[Please put my slide.]* Magandang gabi po, Mr. President, Senator Bong Go, fellow public servants. Akin pong iuulat naman sa parte po ng enforcement na pinangungunahan po ng DILG.

Dito po, sisimulan ko po ang aking ulat ngayong gabi sa implementasyon ng National Vaccination Program na nakalap natin mula sa datos ng mga LGUs.

Nakikita po natin na nasa 42.26 million Filipinos ang nasa eligible at priority groups na ang nakapagparehistro sa vaccination monitoring systems.

Magandang balita po ito dahil ibig sabihin nalalapit na sa kalahating porsyento ng ating kabuuang populasyon ang handa nang magpabakuna at hinihintay na lamang ang pagdating ng karagdagang doses upang sila ay mabigyan ng vaccine.

Makikita naman din po sa ating slides ang kahandaan ng ating LGUs sa pagtugon sa mga hamon ng COVID-19. Almost 26,000 LGUs po mula sa probinsiya hanggang barangay ang nakapag-submit ng vaccination action plans.

Sa ngayon po ay nakapagtala na tayo ng 36 na kaso ng mas nakakahawang COVID Delta variant sa bansa. At dahil hindi kayang tukuyin ng ordinaryong test kits at kailangan ng genome sequencing, maaaring mas malaki pa ang bilang ng may dala ng variant na ito sa ngayon kaya nangangailangan nang mas matinding pag-iingat ang lahat.

Ang Delta variant ang nakikitang sanhi ng biglang pag-spike ng mga kaso sa ibang bansa katulad ng India at Indonesia. May ilang mga bansa rin tulad ng United Kingdom, Australia, Malaysia na kasalukuyang nagpapatupad ng lockdowns upang mapigilan ang pagdami ng infections dala ng nakakahawang Delta variant.

Sa susunod na mga araw ay maglalabas ang DILG ng memorandum upang paalalahanan ang ating local government units na maghanda sa lalong madaling panahon ng mga istratehiya sa posibleng local transmission ng COVID Delta variant.

Ipatutupad po ng ating LGUs at Philippine National Police ang lahat ng batas, ordinansa, at omnibus --- IATF omnibus guidelines at community quarantine protocols para sa kaligtasan ng lahat. Kaya huwag pong mangamba ang ating mga kababayan sapagkat tayo ay may mga nakahandang plano para sa COVID Delta variant.

At hinihigpitan ang mga border controls lalo na ang mga international airports at seaports. Pangungunahan din ng ating mga local chief executives ang aggressive PDITR plus vaccination strategy; ang mabilisang pag-testing, tracing --- contact tracing, pag-isolate sa mga COVID-positive patients sa pamamagitan ng ating Operation Listo for the protection --- ah for the protocols for the management of emerging infectious diseases; magdadagdag din po ng kaukulang quarantine and isolation facilities at mga healthcare facilities.

At higit po sa lahat, pinaalalahanan natin ang lahat na dapat ay susunod sa minimum public health standard at kailangan din po nating magpabakuna kaagad. Ito ang pinakamahusay na panlaban sa COVID lalo na sa COVID Delta variant.

*[Next slide, please.]*

Mr. President, narito naman ang mga nakalap nating ulat sa ating pagtutulong-tulong na mapuksa ang pagkalat ng iligal na droga sa ating bansa. Siyam na indibidwal na sangkot sa kaso sa iligal na droga ang kusang sumuko sa mga awtoridad mula 11 July hanggang 17 July.

Sa panahong ito, nagsagawa ang pamunuan ng PNP at ibang ahensya ng 937 operasyon laban sa iligal na droga. May 1,282 indibidwal ang naaresto, habang anim ang naitalang namatay sa mga naisagawang police operations.

Mahigit anim na kilo ng shabu at mahigit 129 na kilo ng marijuana ang nakumpiska kasama na rin po ang 16 na gramo ng cocaine at 5,637 tableta ng Ecstasy. Ang lahat ay nagkakahalaga ng 69.6 million pesos halagang nakumpiska sa mga illegal substances sa nakaraang linggo.

Iyon lamang po, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE**: Is there any question for Secretary Año? If there is none, then we move to Secretary Roque for his statement.

**PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE:** Yes, magandang gabi, Mayor; magandang gabi kay Senator Bong Go at sa ating mga kasama.

Well, unang-una po, patuloy pa rin ang ating mga symbolic vaccination sa iba't ibang sektor ng A4 at dinadaluhan pa rin po natin 'yan 'no. At kasama po dito sa ating mga dinaluhan ay 'yung pagbabakuna ng mga frontliners.

Unang-una po muna, 'yung pagbabakuna po ng private sector, ito po 'yung Federation of Filipino Chinese Chamber of Commerce and Industry 'no. Sila po 'yung unang-unang nakatanggap ng delivery ng Sinovac na ang ginamit po ay 'yung Tripartite Agreement. So sila po 'yung pinakauna pa rin na pribadong sektor na nakatanggap actually ng bakuna sa pamamagitan po ng ating Tripartite Agreement, at nangyari po itong pagbabakuna nila sa Hope Christian School sa Binondo, Manila po 'no.

Nakakagalak naman po dahil nakikita ko --- noong nakita ko noong nagbabakuna doon sa Chinatown na karamihan ng nagpapabakuna ay mga empleyado po ng mga maliliit na negosyo diyan po sa Chinatown 'no. Ito po ay naganap noong July 14, 2021. Kasama po diyan sa larawan 'yung Presidente po ng Chinese Filipino Chamber of Commerce na si Henry Lim Bon Liong.

*[Next slide, please.]*

Ito pa po 'yung mga larawan doon sa Federation 'no.

*[Next slide, please.]*

Nanggaling din po tayo sa isang Taguig Bakuna Nights 'no. Ito po 'yung kumbaga gimmick po ng mga LGUs na bakunahan 'yung mga nagtatrabaho

sa araw so hanggang alas dose po ng gabi sila po ay nagpapabakuna. At dito po sa Taguig eh maganda po 'yung kanilang bakunahan sa isang mall po ng Ayala at mayroon pa po silang mga entertainers 'no para hindi po mainip 'yung mga galing sa trabaho habang sila po ay nagpapabakuna.

Wala po kasi dito si Secretary Tugade pero kanina po nagkaroon po ng magandang balita. Itong ating Philippine Coast Guard po ay nagpaalis po 'no ng isang Chinese naval warship po 'no. Chinallenge (challenge) po nila itong Chinese naval warship na ito sa Marie Louise na within the exclu --- napakalapit po sa El Nido 'no.

Ang istorya nga po 'yung ating Coast Guard vessel po ay pabalik galing sa kanyang paglalayag sa West Philippine Sea. Papunta po siya sa Palawan kung saan siya po naka-dock at dito po niya nakita itong Chinese naval vessel 'no. At bagama't it was I think the first time na nagpaalis siya ng naval vessel, wala naman pong insidenteng nangyari. Nagresponde naman po 'yung Chinese vessel at umalis doon sa lugar 'no, at sinigurado po ng ating Coast Guard na nakalabas na talaga ng exclusive economic zone bago po bumalik sa Puerto Princesa.

Now for your information, Mayor, po 'no itong ating Coast Guard vessel pong ito ay hindi po ito 'yung kauna-unahang pagkakataon na nakapagpaalis po siya ng mga dayuhang mga barko sa EEZ natin 'no. Itong BRP Cabra po, bago po itong insidenteng ito ay nagpaalis din ng limang Chinese ships at dalawang Vietnamese vessels doon din po sa lugar ng Marie Louise Bank.

So I'm sure po at the right time eh mabibigyan po natin ng recognition 'yung ating mga nasa Philippine Coast Guard. But I have, on your behalf, congratulated the men and women of our Philippine Coast Guard for a job well done.

*[Next slide.]*

Kanina po ay nag-interview na nga ako, ang tanong eh itong pagpapaalis daw po ng mga foreign ships ito ba daw po ay marka na nagbabago na tayo ng polisiya? Ang sagot ko po never po nagbago ang polisiya sa ilalim ng inyong administrasyon. Ang sinabi po natin wala tayong teritoryo na isu-surrender at babantayan po natin kung anong atin. Ang pagbabago lang siguro ay mayroon na tayong bagong kakayahan sa hanay po ng Philippine Coast Guard na bantayan nga po kung ano 'yung atin 'no at ito po ay dahil sa modernization program na pinursue (pursue) po ng inyong administrasyon, hindi lang po sa Hukbong Sandatahan, but importante rin sa Philippine Coast Guard.

At lastly po, I just got a notice by way of final report 'no, ang notice po ay --- well, anyway, sa susunod ko na lang po ire-report 'yung isa pang development na desisyon ng Korte Suprema that would have a substantial impact on our tax collection. Kausapin ko po muna si Customs Commissioner at saka si Secretary Dominguez before I report it to you 'no.

It's a decision of the Supreme Court na kakalabas lang po, mainit-init pa. I think it came out today on the Internet. So I think I will discuss it first with Secretary Dominguez and Commissioner Customs. Mamaya po ---

**PRESIDENT DUTERTE:** Is it --- is it in favor of government or…?

**SEC. ROQUE:** In favor po. This could contribute to what is probably our biggest, largest Customs collection. Ganoon kalaki po ito and this --- nabanggit niyo na po ito sa isang public address ninyo, this is concerning alkylate. Iyong alkylate na hindi po siya nagbayad ng excise tax samantalang ang common meaning po ng alkylate is unleaded tax. So this promises to be our single --- one of the largest success stories po as far as Customs collection is concerned.

**PRESIDENT DUTERTE:** Yes. Mag-segue ako dito ha sa ano --- because the --- I saw the gray ship dito ipinakita natin sa screen. Hindi man Coast Guard siguro 'yun, I think it's really a warship. I'd like to ask Secretary Lorenzana, why is it that in many occasions, the latest one was 'yung kanina, but previously we had about two or three incidents which we drove away the Chinese vessel?

Gusto ko lang basahin ang utak ng mga tao na 'yan. Bakit madali silang mapaalis? Are they avoiding any confrontation or...? Yeah, parang goodwill, or there's something afoot? We really do not know kasi madali mapaalis ngayon eh.

I think 'yan previously twice in the past. Talagang pinaalis sila and they readily, well, agreed to the suggestion of the Coast Guard to move away from the territorial waters. Yes, Del.

**DND SECRETARY DELFIN LORENZANA:** Ah, Mr. President, ang suspetsa ko po ay kaya sila umalis dahil napakalapit na nila sa Palawan eh and that is already not contested, sa atin 'yun eh. So isa 'yun.

Pangalawa, parang ayaw nilang magkaroon ng insidente diyan involving their naval ships kasi ‘yung naval ships ang ginagamit nila, samantalang ang ginagamit natin ay ‘yung civilian ship na Coast Guard.

So iyon po ang mga dahilan siguro kung bakit ayaw nilang makipag-confrontation at umaalis na lang sila.

**PRESIDENT DUTERTE:** Yes, historically, we never really sent any of our warships, puro Coast Guard-Coast Guard lang ‘yun. That’s really part --- Coast Guard ano, is part of the diplomatic ano ‘yan eh. We do not send warships.

**SEC. ROQUE:** And Mayor, if I may add, siguro kasama na rin po diyan ‘yung mabuting relasyon natin ngayon sa Tsina na ayaw rin nilang madistorbo ‘no. So ‘pag nalalaman naman nila na talagang napakalapit na sa Palawan at kinakailangang umalis, eh umaalis naman sila ‘pag pinapaalis. Iyon lang po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Kaya nga. So it’s very easy for them now to go away upon our suggestion. Let’s hear from --- may --- si Charles? You have --- ? Wala ba tayong panel? Is there no panel to talk to? Ikaw na siguro.

**NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER & VACCINE CZAR CARLITO GALVEZ JR.:** Mr. President, Senator Bong Go, my fellow Cabinet members, magandang gabi po sa ating mga mamamayan. Ngayon po, ‘yung atin pong tema ng ating pagre-report po ay tungkol po sa magandang supply na dumating po sa atin ng nakaraang linggo. Kaya po ‘yung with the arrival of more vaccines, achieving a better Christmas this year will be on track.

*[Next slide, please.]*

Sir, ito po ang executive summary ng ating significant updates as of July 19, 2021. Number one po is the Philippines has already breached the 15 million mark last July 17, 2021, after three days it reached 14 million last July 14, 2021.

Meaning, ibig sabihin po, Mr. President, is sa tatlong araw nakapagbabakuna po tayo ng isang milyon. Iyon po ang na-accomplish po natin ngayon, Mr. President.  And then also, we also reached the highest throughput or ‘yung administration last July 15, 2021 with 391,283 jabs. And a weekly output, iyong sinasabi nga po ni Secretary Duque na highest din po itong ano, itong last week, na nakapagbakuna po tayo ng 1.899 na ano po, 1,899,979 administered doses.

At ang pangalawa po, Mr. President, noong last week po tayo po ang pinaka --- sa tatlong araw ay naka-receive po tayo ng 7,142,450 doses. So as of July 19, we already received 10,464,550 this month and we are expecting to receive an additional 9,353,340 doses.

Kung maalala po natin, Mr. President, 'yung last June 9 million lang ang ating na-receive. Pero ngayon kalahati pa lang ng buwan ay may na-receive na po tayo na more than 10 million.

All in all po, the Philippines already received a grand total of 27,922,360 doses. And sa ngayon po, noong ma --- dati po tinatanong niyo po ako kung anong state ng stockpile. Tayo medyo maganda na po ang atin --- hindi na po tayo kakaba-kaba.

So 'yung number three, PH already reached its desired stockpile level of above 10 million. Sa ngayon po sumobra pa po tayo na 12,826,099 in which our supply can last up to 32 days or up to August 17. So iyon po ang ating ano po na ibig sabihin kampante po tayo na sa August 17 ay hindi po tayo mahihirapan po na magkaroon ng shortage.

Number four, we fully deployed the 3 million doses we received from AstraZeneca from the Japanese and the COVAX donation last, last week, and the 1 million dose of Sinovac for the second doses.

We are currently deploying the 3.2 million doses of J&J. Ito pong J&J po talagang idine-deploy na natin ngayon kasi we are racing against time kasi one set lang ito. And another 1.5 million doses of Sinovac; and the 1.15 million doses of the private sector AstraZeneca procurement.

Ang number five po is because of the Delta, we are redeploying our vaccines to the Delta variant area of concerns in Region X, in NCR, in Region VI at saka po 'yung mga ECQ at MECQ areas.

We would like to thank US and Japan and the COVAX donation sharing. We already accounted 6,365,300 doses which is 61 percent of the total supply we have already received for July.

Nagpapasalamat po tayo, Mr. President, kasi ang karamihan po dito mga US donation po lalo na po 'yung J&J na 3.2, napakalaki po 'yun na tulong po sa atin na one time. Iyon ang pinaka-biggest delivery po natin.

And then mayroon po tayong na-hearing-an na mayroon pang additional 3 million po na sa COVAX donation sharing, and is also set to arrive either July or August.

And also we have been told by Ambassador Pruce that they are willing to donate 415,000 AstraZeneca po and they promised that they will deliver it this July.

Nagawa na po namin ang paperworks, Mr. President, and we are hopeful na maibigay po natin 'yun either sa mga ating uniformed personnel para po mabakunahan na po natin ang ating uniformed personnel before the end of August.

And then also, mayroon po kaming na-hearing-an din na 'yung COVAX baka po mag-donate ng Chinese ano, Chinese vaccine either Sinopharm or Sinovac.

Pagka po available ang Sinopharm, ibibigay po sa atin. Ang sinabi po namin na we are willing to ano, to receive 'yung Sinopharm or Sinovac, kung ano po ang available. And it will be available, according to them, next month po, next month.

So kasama na po ng WHO COVAX ang Chinese vaccine dahil mayroon na po silang tinatawag na emergency use list.

And then in compliance with your guidance, Mr. President, bumisita po kami kanina nila SND, ako po at saka si Secretary Duque at saka si SILG.

Mr. President, tuwang-tuwa po sila, gusto pong ipaabot po sa inyo ang pagpasalamat po ni Mayor Oca Moreno at saka ni Mayor Erick Cañosa na hindi natin sila pinababayaan.

At ipinaaabot po namin ang aming ano po, ang aming pagtulong sa kanila dahil mayroon po tayong dala na 150,000 na Johnson & Johnson: 128,000 sa Region X; at 20,000 po sa Cagayan de Oro; at 3,000 po doon po sa Gingoog City dahil kasi po sila ay mayroon pong mga tinatawag na variant of concern na Delta.

So tutuloy din po kami --- ako po bukas po tutuloy po ako sa GenSan. Dahil po alam po natin na ang GenSan ay tinutunguhan din po ng mga fisherman, ng mga Indonesian fisherman at saka mga Malaysian fisherman so ang ginagawa po natin na para magkaroon po tayo ng stricter border control with --- with ano, with the mayor and also with the military present in GenSan.

*[So next slide, please.]*

Sir, ito po tayo. Ito po talaga ano natin. Let's look at the update on the vaccine supply as of July 19. As we have said na we have 164 million doses for procurement, and COVAX and other donation. Mamaya po i-ano po, ile-lay down po natin na total po ng 164 [million].

Out of these doses, 27.9 [million] na po ang ating natanggap or sinasabi natin 17 percent. And then mayroon pa tayong ine-expect na 136.1 million na within six months or 83 percent.

Dito po sa mga natanggap po natin na mga bakuna, 15.1 million na po ang ating na-administered, at 10 million po ang first dose at 4.7 [million] po ang second dose, nai-report na po 'yun ni Secretary Duque.

And then 'yung ating stockpile, doses to be administered on stockpile on the different warehouses is 12.8 million. Nasabi na po natin na 'yung 12.8 million ay equivalent po 'yan sa 32 days na gagamitin po natin na ang average is 400,000 a day. So mayroon po tayong ample na supply na hindi po tayo kakabahan sa month ng August. Ang tinitingnan po natin ngayon 'yung month ng September.

*[Next slide, please.]*

Sir, ito po ang ating ano, ating total na na-acquire po natin. Kung makikita po natin ang ating kontrata sa Sinovac na na-sign-an natin with ADB is 26 million; sa Pfizer, with ADB, is another 40 million; ang Moderna, sa World Bank, 20 million; ang AstraZeneca, sa private sector at LGU, 17 million; 'yung Sputnik, ito po ang ginagamit po natin dito DOH fund at saka po 'yung ating mga savings, 10 million; and then 'yung COVAX donation or 'yung tinatawag na donation sharing with COVAX, 44 million; and then nagkaroon na rin po tayo ng kontrata with COVAX na bibili po tayo ng additional 5 million ng J&J; and then 'yung donation po natin so total po ngayon --- donation with ano, with Japan and also with --- with China, 2 million, for a total of 164 million.

Sir, ito po 'yung details ng vaccine administered. Kung makikita po natin tumaas po ang ating second dose vaccination for a merely 3 million, ngayon po ay 4.7 [million] na po.

And then nakikita rin po natin umaangat na rin po 'yung A2. Noong dati po wala po tayong --- almost ano lang po tayo 1.5 million. Ngayon po, Mr. President, 2.7 million na po tayo sa ating mga senior citizens. At ang ating A3, tumaas na po, pumalo na po tayo ng 3.4 million. Ang A4 po is almost 2 million na po at ang nakikita po natin 'yung mga nurses at saka doctors

malapit na po nating ma-hit ang 90 percent na fully-vaccinated po sila before the end of the month.

*[Next slide, please.]*

So ito po ‘yung ating mga monthly record. Nakikita po natin na ‘yung July, by next week, masu-surpass na po natin ang ating record ng June. So totally, ang ating July ay may 4.3 [million] na po tayo, as compared to sa June --- last June is 5.4 [million]. So by next week, we expect na malalampasan na po natin ang record natin sa June.

Sir, ito po ‘yung ipakikita ko po sa inyo sa aking compliance po sa inyo na ‘yung lahat ng mga governor na nagrereklamo, ito na po, ito na po ang nakita natin na talagang equitable na po ang distribution natin.

Ang basis po natin para makita niyo ang basis natin, ‘yung population. Iyong nasa slide po dito. Ito ‘yung projected population na tina-target from 18 above na babakunahan.

Ito naman po sa ano, sa pangatlong linya, ‘yung total A1, A3 vaccinated. So nakikita natin na ‘yung nandito rin po na marami na po ang nababakunahan din sa mga different regions. At ngayon tiningnan po natin, ang pinakamababa po na binigay natin sa region ngayon ay 200,000. Iyan po ang pinakamababa, at ‘yan na po ang pinakamababa natin dahil kasi ‘yung population po nila na mababa rin po ang target.

So sa ngayon po makikita po natin, Mr. President, ‘yung NCR 1.9 [million] dahil kasi siya ang pinakamataas po na ano at saka po ang Region IV-A so 1.5 [million]; Region III - 1.2 [million]; and then Region VI, nakita po natin ‘yung Region VI, ‘yung Iloilo, dahil kasi po ang --- siya po ‘yung variants of concern - 743,000; and then Region VII - 729,[000]; and then ‘yung Region XI, ‘yung Davao - 592,[000] or more or less 600,[000]; at nakita natin ‘yung Cagayan de Oro binigyan din natin ng more or less 400,000.

Ito po madadagdagan pa po, Mr. President, kasi ‘yung vaccine natin na binigay dito ay 10 million pa lang po. Pagka po dumating ‘yung another 6 million, mabibigyan pa po sila, Mr. President. So this is my compliance to you, Mr. President, and I’m telling to the public that talaga pong ano po natin, very fair po ang ginagawa po natin sa distribution. It is based on the targeted population and also it is based ‘yung sa mga priority targets po natin na mga sector.

That’s all, Mr. President, at ang last slide po ay talagang nangangako po kami na ang inyong ano, ang inyong guidance to vaccinate all Filipino for free and at the same time walang maiiwan at walang iwanan ay gagawin po namin po iyan. Maraming salamat po, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you, Secretary Galvez. You are doing good. The vaccine is proceeding well.

Mayroon lang ako, before we end, mayroon akong… Nako. Nandito pa pala si… Benhur, do you have something to say? If you are ready, you go ahead with your --- if you have the slides also.

**MMDA CHAIRMAN BENJAMIN “BENHUR” ABALOS JR.:** Yes, Mr. President. Bibilisan ko lang po, Mr. President. Magandang gabi po, Senator Bong Go; mga Cabinet members, magandang gabi po.

Tungkol po sa Metro Manila, handang-handa po tayo dito po sa Delta variant. Muli, nagpapasalamat po kami kay Secretary Galvez at DOH, sa inyo po ‘no at sa mga mayors po; at pinakahuli na lang, Mr. President, kayo na po ang nagsabi kanina na ang Delta variant ay very aggressive, very infectious, at sinabi po ni Mr. --- ni Secretary Duque na ang NCR cases sa ngayon ay tumataas, at mayroon tayong tatlong kaso ng Delta. In fact, ang increase nito ay exponential.

Kami po ay --- nagbotohan po kami kanina ‘no, kami pong mga alkalde, mga mayors, nag-usap-usap po kami at hinihiling po sana namin sa IATF baka maaari na ‘yung polisiya tungkol sa five- year-old pataas ay baka puwedeng --- baka puwedeng isuspende muna sa Metro Manila ‘no dahil nga po mayroon kaming kaso dito at medyo tumaas po ang kaso rito. Sa dahilan po na ang five to 17 ay hindi bakunado at sila po ay posibleng maging superspreaders ‘no.

So ito lang po ang aking report, Mr. President. Ang mga mayors ay nagkakaisa rito. Iisa ang boses, iisa ang boto namin --- ng mga mayors po rito. At gusto ko lang hong sabihing handang-handa po sila dito po sa Delta variant. Salamat po.

**PRESIDENT DUTERTE:** I admire your industry. By the way, kaya ba nating magkanta ng “Happy Birthday” o magsabi na lang ako “Happy birthday”? Happy birthday to you.

**MMDA CHAIRMAN ABALOS:** Salamat po. Salamat mga kasama. Thank you po.

**PRESIDENT DUTERTE:** So I'll go to Karlo. Secretary Nograles, then.

**CABINET SECRETARY KARLO NOGRALES:** Maraming salamat, Mr. President. Thank you, sir. Maayong gabii, Mr. President. Maayong gabii sa mga kasamahan ko sa Gabinete. Maayong gabii sad kang Senator Bong Go.

I-continue ko lang 'yung report natin sa mga pre-SONA events, Mr. President. Again, bumisita po tayo doon sa iba't ibang region as part of the pre-State of the Nation Address. At na-report ko na po 'yung ibang mga regions na napuntahan natin. So I will continue with the report, unahin ko po 'yung nangyari po sa Tacloban, Leyte. This is for Region VIII.

*[If I have my slides. Can… Yes, there. Thank you. Next slide. Next slide.]*

So diretso na po tayo dito sa Region VIII, sa Tacloban, Leyte. Naging kasama po natin diyan ang CORDS ng Region VIII, Department of Human Settlements and Urban Development Secretary Eduardo del Rosario.

*[Next slide.]*

Ang accomplishments po natin diyan on the peace and order front, Mr. President, ay patuloy pa rin 'yung efforts natin to free Eastern Visayas from insurgency.

Na-facilitate po 'yung dismantling of six guerilla fronts at mayroon pong na-reduce na po 'yang Region VIII into five guerilla fronts with one more, almost dismantled and 'yung apat po to be finished before 2022.

Good news po, Leyte, Southern Leyte, Biliran, and Samar, have all been freed from organized NPA insurgency and with the assistance ng ECLIP at Amnesty Program, malaking bahagi po ito. In fact, 296 former rebels, and that's 47 NPAs, and 249 Militia ng Bayan members were provided the assistance through the ECLIP Program 'no, 13.85 million pesos worth of assistance.

Sa Samar din po, Leyte, Peace and Prosperity Village, may na-establish na Samar Leyte Peace and Prosperity Village in coordination with the Province

of Leyte. And 1.85 million cash aid were provided to former rebels through this Peace and Prosperity Initiative.

Mayroon din pong apat na halfway houses for former rebels that were constructed in the region. Two hundred sixty seven firearms, 221 explosives were also confiscated by our law enforcement operations, 380 target barangays were cleared, 136 NPA regulars and 550 party members and militias also surrendered coming from Region VIII. Together with our CORDS doon, si Secretary Rolando Joselito Bautista, ng Department of Social Welfare and Development, *[next slide]* ni-report po niya na ang accomplishments po natin diyan ay, of course, under the DSWD 'yung Social Amelioration Program, wherein 400,158 families benefited under the emergency subsidy.

And mayroon din po tayong National Greening Program in the region, 73,779,259 seedlings produced with 62,487 hectares planted. And the major infrastructure projects na ongoing po sa Zamboanga Peninsula are the Zamboanga City Bypass Road, the Zamboanga West Coast Road, Zamboanga del Sur Coastal Road, Dipolog- Sindangan-Liloy-Ipil Road, the West Corporate Centre, the Asian Halal Centre, at 'yung Pagadian Airport Improvement --- expansion of airside facilities, improvement of runway and [bladed?] shoulder.

*[Next slide.]*

As for peace and security, the successful dismantling of different guerilla fronts our CTG fronts 'no. CTG front Feliciano B and CTG front Kara were dismantled in 2019. CTG front Joji, CTG front 13 Hq Kalaw were all dismantled in 2020. And CTG front Feliciano A, the Main Guerilla Unit and Regional Urban Committee dismantled this year, 2021.

And a total of 324 surrendered, mga former rebels at mga ECLIP benefits were given to former rebels who surrendered. May 7.6 million released to 85 FRs. Naka-complete po rin tayo ng three halfway houses for former rebels in Guipos, Dipolog City and Ipil.

And as part of our intervention efforts 'no for former rebels, mayroon po tayong 96 former rebels na na-appoint as CAFGU members and we're happy to report that two former rebels were actually enlisted to the Philippine Army. At tuloy-tuloy 'yung pag-conduct natin ng trainings for former rebels

on values formation, psychosocial activities, and sustainable livelihood programs.

So that's it muna, Mr. President, at I will reserve the next reports on the other regions in the next “Talk to the People”. Maraming salamat po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you, Secretary Nograles. Sino pa bang... Sal? I think it's your turn. You're the last one.

**CHIEF PRESIDENTIAL LEGAL COUNSEL SALVADOR PANELO:** Magandang gabi, Ginoong Pangulo; mga kasama po natin sa Gabinete; kay Senador Christopher Bong Go; at happy birthday muli kay Chairman ng MMDA, Benhur Abalos.

Ginoong Pangulo, ibig ko pong ipaabot sa inyo na ang inyo pong lingkod ay nakatanggap ng tawag sa telepono at mga text na galing po sa mayor ng La Paz, na si Mayor Venus Jordan; Mayor Christian Rodriguez ng Taytay, Palawan; ganoon din po si Mayor Rocky Ilagan ng Puerto Galera; at ganoon din po 'yung mga nandiyan sa --- mga barangay kapitan ng Holy Spirit, ng Payatas, at ng Bagong Silangan.

Ito po ay kaugnay sa pangangailangan nila ng bakuna at madali naman po nating ito'y ini-refer kaagad natin kay Secretary Charlie Galvez at kay Secretary Duque at sila naman ay kara-karakang nagbigay ng commitment nila na magpapadala sila ng mga bakunang kailangan nila. At nagpapasalamat naman po sila sa mabilis na tugon ni Secretary Charlie at saka ni Secretary Pingkoy Duque.

Doon naman po sa mga naririyan po sa Tumana at saka dito po sa --- Tumana, Marikina at ganoon din po sa Bagong Silangan, galing po tayo doon kahapon, nagkaroon pa nga ng video call ang First Lady Honeylet Avanceña, eh inilabas po nila roon ang kanilang suliranin sa tuwi-tuwina at 'yung pagkabaha ng kanilang lugar. At katunayan, doon po sa covered court na pinuntahan natin kung saan nagbigay tayo ng mga ayuda galing sa mga kaibigan natin maliban pa sa mga ayudang galing sa pamahalaan, eh may mga nakatira po doon sa tent at matagal na po sila roon. At ang problema daw po nila kung maaari, pinaparating po sa atin na kailangan nila ng dredging, kailangan nila ng dike, at palagi na lang daw po ang suliranin nila at talaga namang nagagambala ho sila dahil 'yang 'pag bumaha ang Marikina River, talagang 'yang diyan sa Bagong Silangan, diyan sa Tumana,

Marikina, eh talagang nalulunod ang mga bahay at mga tao. Kaya pinaparating naman po kaagad natin kay Secretary Mark Villar at sa mga iba pang ahensya ng gobyerno upang tugunan at nangako naman po sila na gagawa sila ng paraan.

Now, kaugnay naman po dito sa nagiging suliranin po natin na Delta variant, at palaging nakikiusap sina Secretary Duque, sina Secretary Charlie Galvez, na tayo ay palaging mag-observe nitong social distancing na tinatawag, nang pagsusuot ng maskara, paghuhugas ng mga kamay.

Now, mayroon po akong isang paksa, Ginoong Pangulo, na bilang inyong Chief Presidential Legal Counsel, bilang Punong Abugado na nagbibigay ng payo sa batas, ay hindi ko po maaaring palampasin ang isang pahayag ng dating naging Ambassador Alberto Del Rosario kung saan siya po ay nagpapalipad ng akusasyon at lumilikha ng intriga ng kasinungalingan laban sa inyo kaugnay sa inyong pagkapanalo noong nakaraang halalan ng 2016.

Sang-ayon po sa kanya, siya ay nakatanggap ng impormasyon kung saan iyon daw pong halalan ng 2016 ay ito'y nagkaroon ng pagtulong at pagtanggap naman ng tulong ng suporta sa inyong pagkandidato galing sa dayuhan.

Unang-una, iyon pong sinasabi ni Ambassador Del Rosario, ay sang-ayon sa kanya natanggap niya ito noon pang panahon ng halalan. Eh bilang public officer, isa pong tungkulin niya na ito'y ilantad niya, ibulgar niya, sapagkat ito'y labag hindi lamang sa batas, kung hindi sa Saligang Batas. Subalit, hindi po siya umimik at ngayon lamang siya nagsasalita ng wala pang ebidensya.

Kaya ang tingin po natin diyan ito ang layunin po ni Mr. Del Rosario ay mantsahan ang iyo pong pagkapanalo noong 2016 at ilarawan na kayo'y lumabag sa batas at sa Saligang Batas. Alam po ninyo ang sabi ko nga po sa “Counterpoint” at sa mga interviews sa akin sa media, ito pong akusasyon ay unang-una isang kabalbalan, isang kasinungalingan sapagkat kayo bilang abugado, bilang isang public prosecutor o fiscal, at dating alkalde na kilala sa mabangis na pagpapatupad ng mga batas at ng Saligang Batas ay labag sa character niyo na kayo ay humingi o tumanggap ng tulong sa isang dayuhan upang manalo lamang sa halalan.

Alam ninyo at alam nating lahat na iyong paghingi ng suporta at pagtanggap ng suporta sa isang dayuhang pamahalaan upang makakuha ng boto sa mga

botante ay labag ito sa Election Law, labag sa Saligang Batas, at ito ay kontra din po sa inyong character na kayo ay kilalang-kilala na nagpapatupad ng halos mabangis na pagpapatupad, fierce, fiercely ha, at walang-awang pagpapatupad ng batas kahit na nga sa inyong sarili.

At kung tungkol naman doon po sa pagkapanalo ninyo na pilit niyang minamantsahan eh ang kasaysayan po ninyo, Ginoong Pangulo, ay nagpakita na lahat ng halalan na sinamahan ninyo, wala kayong ipinatalo sapagkat ang naging political brand ninyo na inasahan niyo na tatanggapin kayo ng tao ay iyong inyong iron-willed, responsive, and inclusive kind of governance.

At iyon pong accomplishments na nagawa ninyo bilang alkalde at bilang isang public servant na umani ng paghanga at respeto ng mga kababayan. Hindi niyo kailangan unang-una ang suporta ng dayuhan at hindi kayo maaaring humingi at tumanggap sapagkat nga ‘yan ay labag sa batas, labag sa Saligang Batas, at labag sa inyong karakter. At dahil nga po diyan sa paghanga sa inyo ng sambayanang Pilipino eh kayo ay nakakuha ng pinakamataas na margin, which is unprecedented sa kasaysayan ng ating bansa.

Eh tandaan, sabi ko nga po sa kanila, ni ayaw niyo ngang tumakbo sa pamunuan; at kaya lang kayo napilitang tumakbo na gusto niyo na magretiro ay sapagkat talagang hindi matatanggihan ang nagdadagundong na pagnanais ng sambayanan at ng inyong pagtanggap sa tinig ng bayan at sa mga itinakda ng mga diyos ng tadhana kaya ho kayo nanalo.

Eh ito naman pong si Mr. Del Rosario eh kung totoo na nakatanggap siya ng ganoong impormasyon eh dapat siya bilang public servant sapagkat dati po siyang ambassador, eh kayo ay --- o dati siyang secretary ng DFA --- eh dapat matapos na ibunyag 'yon, inusig po kayo kung totoo 'yung sinasabi niya pero hindi niya po ginawa 'yun.

At bakit niya hindi ginawa? Eh ang sagot po doon ay kasing liwanag ng sikat ng araw na ang kanyang layunin lamang ay magpakalat ng kasinungalingan pareho ng mga kasinungalingang ikinikalat niya kaugnay naman sa West Philippine Sea laban ho sa inyo.

**PRESIDENT DUTERTE:** So, Sal, kaya...

**SEC. PANELO:** Kaya ito pong mga detractors niyo ---

**PRESIDENT DUTERTE:** Let me ---

**SEC. PANELO:** --- siguro panahon na po ---

**PRESIDENT DUTERTE:** --- cut you, Sal.

**SEC. PANELO:** --- na tumahimik at maghunos-dili naman sila at tanggapin nila ang katotohanan na talagang kayo ay tinatanggap ng tao dahil sa inyong mga ginawa sa sambayanang Pilipino.

**PRESIDENT DUTERTE:** Sal, sandali. May I cut you there?

Alam mo, itong Visiting Forces Agreement, ang extension niyan is on deck, on the table. Ngayon, gusto ko lang makiusap o --- hindi makiusap --- makipagsalita o makipag-ugnayan or I just want to talk to some people in Washington, be it from the Office of the President or the State Department or the Defense Department.

You know, we are still investigating it. But you know, ikaw Albert --- Alberto, 'pag nasilip ko lang mayroon ka, I will charge you for sa... Marami akong idedemanda sa'yo. Ako na... I'm not --- I have not, for the life of me, sued anybody libel or anything during my 23 years, four years as congressman tapos vice mayor hanggang Presidente.

Pero ikaw ang hahabulin ko kasi ikaw ang nag-transmit sa message. You are in olden times, kung at war lang tayo sana, you are guilty of treason. Kaya nga pala kasi hindi ka Pilipino. Kung saan ka napulot, bakit ang hitsura mo? Hindi ka talaga Pilipino sa totoo lang.

At you know, ang mabigat sa iyo, ikaw 'yung nag-transmit and, I said, that is treason. Daldal ka nang daldal diyan. Anong China-China magtulong sa akin? G*** ka, saan mo nakuha 'yan? Sixteen --- 16 million makuha mo ng tulong sa ibang bayan? Sixteen million mabili mo? Ang aking majority is six million over. Lahat 16 million. Sixteen million plus voted. Six million of that was my majority over your friend.

Kaya ikaw pag... Tingnan mo 'yung mukha mo. Hindi ko nga malaman kung Pilipino ka ba o... Are you a Filipino? Nagdududa ako. I want to see you

personally. Where can I meet you? Saan ka ba nagkakape-kape? Ibuhos ko 'yang kape sa mukha mo, maniwala ka. Hindi ka maniwala? Subukan mo.

Try conveying to me the message where I can find you at pupuntahan kita. Hindi ako magdala ng security, ako lang. Ibuhos ko 'yang kape sa mukha mo. Nasaan ka ba ngayon kasi gusto kitang puntahan? Saan ba bahay mo? Katukin kita. Ako lang mag-isa, huwag kang matakot.

Hindi ako sanay. You know, I was born alone in this world so I will leave alone.

Magandang gabi sa inyong lahat. *[applause]*

**--- END ---**